

Mga Tanong Tungkol sa May Bayad na Sick Leave at Coronavirus (COVID-19)

- 1. Puwede bang gamitin ng mga manggagawa ang may bayad na sick leave para punan ang kanilang pagliban kung ipinasara ng isang opisyal ng gobyerno ang kanilang negosyo dulot ng COVID-19? Paano kung nagpapatakbo pa rin ng negosyo ang employer, ngunt may mga paghihigpit sa pagpapatakbo dahil sa kautusan ng gobernador?**

Kung mauroon pa ring trabaho, maaaring gamitin ng mga manggagawa ang naipon nilang may bayad na sick leave. Kung tinanggal ng employer ang isang empleyado, maaaring mag-apply ang empleyado ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho.

- 2. Paano malalaman ng mga empleyado kung mayroon pa rin silang trabaho?**

Kailangang ipaalam ng employer sa isang empleyado kung tinanggal na siya sa trabaho. Maaaring mag-file ang mga empleyado ng mga benepisyo sa kawalan ng trabaho kung natanggal sila sa trabaho o kung nabawasan ang kanilang oras ng trabaho.

- 3. Kung pansamantalang nagsara ang paaralan o lugar na nangangalaga sa anak ng isang manggagawa dahil sa alalahanin sa kalusugan, maaari bang gamitin ng manggagawa ang naipon niyang may bayad na sick leave para alagaan ang kaniyang anak?**

Oo.

- 4. Kung nagsara ang pinagtatrabahuhan ng empleyado o ang paaralan o lugar na nangangalaga sa kaniyang anak, maaari bang tanggihan ng employer ang kahilingan ng empleyado na gamitin ang kaniyang sick leave at hilingin sa mga kawani na magtrabaho na lang sa bahay?**

Hindi.

- 5. Kung pinili ng employer na pansamantalang magsara ng kaniyang negosyo para iwasan ang panganib na mahawa sa COVID-19, magagamit ba ng empleyado ang kaniyang may bayad na sick leave para punan ang pagliban?**

Hindi kailangang payagan ng employer ang kaniyang mga empleyado na gamitin ang kanilang may bayad na sick leave kung siya mismo ang nagdesisyon na pansamantalang isara ang kaniyang negosyo dahil sa COVID-19. Ngunit maaaring payagan ng employer ang paggamit ng may bayad na sick leave sa ganitong sitwasyon.

- 6. Maaari bang ipag-utos ng employer sa mga empleyado na umallos sa trabaho dahil sa potensyal na pagkahawa sa COVID-19?**

Maaaring ipag-utos ng employer sa kaniyang mga empleyado na umalis sa trabaho. Ngunit **hindi maaaring ipag-utos ng mga employer** sa mga empleyado na gamitin ang kanilang may bayad na sick leave para punan ang ganitong pagliban.

7. Maaari bang gamitin ng isang manggagawa na inutusang umalis sa trabaho dahil baka nahawa sila ng COVID-19 na gamitin ang kaniyang naipong may bayad na sick leave habang lumiliban sa trabaho?

Maaaring gamitin ng manggagawa ang naipon niyang may bayad na sick leave. Gayunpaman, hindi maaaring pilitin o ipag-utos ng employer sa kaniyang empleyado na gamitin ang kaniyang naipong may bayad na sick leave para punan ang kaniyang pagliban.

8. Magagamit ba ng isang manggagawa ang kaniyang naipong may bayad na sick leave kung masama ang kaniyang pakiramdam o nakararanas ng mga sintomas na kaugnay ng COVID-19?

Magagamit ng mga manggagawa ang kaniyang naipon na may bayad na sick leave para sa anumang pisikal na sakit, pinsala, o iba pang kondisyon sa kalusugan. Magagamit din nila ang kaniyang naipong may bayad na sick leave para alagaan ang kanilang kapamilya na may pisikal na sakit, pinsala, o iba pang kondisyon sa kalusugan.

9. Magagamit ba ng isang manggagawa ng kaniyang naipong may bayad na sick leave kung inirekomenda ito ng doktor dahil sa posibleng pagkahawa ng COVID-19 o nakakaramdam ng mga sintomas?

Oo.

10. Magagamit ba ng isang manggagawa ang kaniyang naipong may bayad na sick leave kung nangangailangan sila ng medikal na pagsusuri, pangangalaga, pagpapagamot, o medikal na pangangalaga para makaiwas sa sakit o mga sintomas na maaaring kaugnay ng COVID-19?

Oo.

11. Kung nagbigay ang employer ng may bayad na sick leave bilang bahagi ng programa sa may bayad na bakasyon (paid time off, PTO), magagamit ba ng empleyado ang PTO leave kaugnay ng COVID-19?

Oo.

12. Paano makapagbibigay ang mga employer sa kanilang mga empleydo ng karagdagang may bayad na sick leave o mapunan ang mga nawalang kita na maaaring idulot ng COVID-19?

- Maaaring magbigay ang mga employer ng may bayad na sick leave na mas marami kaysa ipinag-uutos ng mga batas kaugnay ng may bayad na sick leave.
- Maaari ding payagan ng mga employer ang mga empleyado na gamitin ang kanilang may bayad na sick leave para sa karagdagang layunin na higit pa sa minimum na pinapayagang mga layunin.
- Maaaring pansamantalang piliin ng mga employer na ipagpaliban ang mga kinakailangan sa pagpapatunay para sa mga empleyadong gumagamit ng may bayad na sick leave kaugnay ng COVID-19.

- Maaaring magbalangkas at magpatupad ang employer ng mga bagong patakaran para i-frontload ang may bayad na sick leave.
- Maaaring magbigay ang mga employer ng mga paunang sahod sa mga empleyado, hangga't sumusunod sa mga angkop na regulasyon sa pagbabawas ng sahod ang mga tuntunin sa pagbabayad ng paunang sahod.
- Maaaring magtakda ang mga employer ng mga patakaran sa magkakasamang pag-leave. Puwede rin nilang payagan ang mga empleyado na mayroon pang natitirang leave na ibigay ito sa kasamahan sa trabaho.